

“OBEY GOD’S WILL”

October 31, 2010 | By Derick Parfan | Scripture: Matthew 7:21-27

Not everyone who says to me, ‘Lord, Lord,’ will enter the kingdom of heaven, but the one who does the will of my Father who is in heaven. On that day many will say to me, ‘Lord, Lord, did we not prophesy in your name, and cast out demons in your name, and do many mighty works in your name?’ And then will I declare to them, ‘I never knew you; depart from me, you workers of lawlessness.’ “Everyone then who hears these words of mine and does them will be like a wise man who built his house on the rock. And the rain fell, and the floods came, and the winds blew and beat on that house, but it did not fall, because it had been founded on the rock. And everyone who hears these words of mine and does not do them will be like a foolish man who built his house on the sand. And the rain fell, and the floods came, and the winds blew and beat against that house, and it fell, and great was the fall of it.

FANS OF JESUS

Karamihan sa mga tao ngayon ay *addicted* sa mga *celebrities* gaya ng mga artista, basketball players o mga boksingero. Noong teenager pa ko hangang-hanga ako kay Michael Jordan. May mga posters pa ko niyan sa kuwarto ko. Kapag NBA Finals na, sinusubaybayan ko ‘yan. Dati rin ay isa akong *fan* ni Judy Ann Santos. Doon pa lang sa palabas niya na *Ula: Ang Batang Gubat, Mara Clara*, at iba pa. Kaya noong *guest* siya sa *fiesta* sa San Rafael, pumunta ko at malapit pa sa stage para kitang-kita. Kayo rin marami kayong hinahangaan tulad ni LeBron James na kahit lumipat na siya sa Miami Heat ay sinusundan n’yo pa rin. Ang iba naman may sinusubaybayan na artista sa TV kaya kapag may palabas gabi-gabi ay nakaabang kayo palagi. Hindi ko alam bakit hangang-hanga tayo sa mga *celebrities* na kapag nakita natin ng personal ay *starstruck* tayo at parang nakatulala dahil nakita ang hinahangaan sa personal.

Noong panahon ni Jesus, maraming tao ang humahanga sa mga itinuturo niya. Lalo pa kapag nakita nilang nagpapagaling siya ng anumang sakit, nakapagpapalayas ng mga demonyo, nakagagawa ng iba’t ibang himala (Matt. 4:23). Kaya ang reaksiyon nila sa tuwing makikita nila si Jesus ay namamangha talaga sila. Sikat na sikat na si Jesus. Sinusundan siya ng maraming tao (v. 25). Mayroon na siyang *fans club*. Sa 5:1 ang tawag sa mga ito ay mga *disciples* o alagad o tagasunod ni Jesus. Ngayon din maraming taga-hanga si Jesus. Oo, may mga taong hindi naniniwala, pero may mga taong *Jesus fans* talaga. May kuwintas na krus, may Bible sa bahay, nagpapadala ng mga *Jesus messages* sa text, Facebook o Twitter, kumakanta ng mga *Jesus songs* ni Don Moen at ng Hillsongs, nananalangin sa kanya, pinag-uusapan siya, nanonood ng *The Passion*, sumisigaw ng “Jesus! Jesus!”, may mga poster sa bahay na may Bible verses pa, nasa simbahan kapag Linggo at nakikinig sa mga sermong katulad nito.

Ang mga taong tulad nito ang tinuruan niya sa Sermon sa Bundok sa chapters 5 hanggang 7. Mayroon siyang itinuro tungkol sa kung sinu-sino ang mga taong mapalad (5:3-12), kung paanong dapat tayong magliwanag sa sanlibutan (5:13-16), pagiging matuwid nang higit sa mga relihiyosong tao tulad ng mga *Pharisees* (5:17-20), tungkol sa galit (5:21-26), pangangalunya (5:27-30), paghihiwalay ng mag-asawa (5:31-32), panunumpa (5:33-37), paghihiganti (5:38-42), pag-ibig sa kaaway (5:43-48), paglilimos (6:1-4), pananalangin (6:5-15; 7:7-11), pag-aayuno (6:16-18), tunay na kayamanan (6:19-24), pagkabalisa (6:25-34), at pag-ibig sa kapwa (7:1-6, 12). Itinuro niya ang ano ang kalooban ng Diyos. Siyempre, hangang-hanga ang mga taong nakikinig dahil sa taglay na karunungan ni Jesus (7:28). “Wow, ang galing!” sabi nila. Ang tingin sa kanya ng mga tao ay Grand Champion, MVP, o Superstar. Taob ang iba. Walang sinabi kay Jesus.

NOT SAYING IT, BUT DOING IT

Ang problema, hanggang ganyan lang ang pagkakilala nila at relasyon nila kay Jesus. There were just fans, admirers, cheerers. They say they are disciples of Jesus but they were not. Kaya nga sa Matthew 7:21-27 ay magbibigay ng babala ang Panginoon sa kanyang mga *fans*. Katatapos lang niyang sabihing makikilala ang tunay na propeta o tagapagturo sa pamamagitan ng bunga ng kanilang pamumuhay (7:15-20), ngayon naman ay may sasabihin siya sa lahat sa atin. Tinapos niya ang kanyang sermon sa pamamagitan ng isang “heart-piercing application. He turns from false prophets to false professors, from unsound teachers to unsound hearers. Here is a word for all. May we have grace to apply it to our own hearts!” (J. C. Ryle, *Matthew*, 53). Binibigyang diin niya dito ang kahalagahan ng pagsunod sa kalooban ng Diyos, higit sa pananalita (vv. 21-23) at pakikinig (vv. 24-27). Hindi maaaring Cristiano lang sa nguso at sa tenga, at hindi Cristiano sa puso at gawa.

Eternity is at Stake (v. 21a)

Bakit nga hindi natin papakinggan kung simula pa lang ng talatang ito ay sinabi niya, “*Hindi lahat* ng nagsasabi sa akin ‘Panginoon, Panginoon,’ ay papasok sa kaharian ng langit” (v. 21a). Sinasabi niya, “Not all my fans or admirers will be with me and my Father in heaven.” Nakasalalay dito kung saan natin gugugulin ang susunod na 100 million years pagkatapos na tayo ay mamatay. Sa tingin niyo ba ay hindi importante yun? Maaaring tinatawag mo siyang *Lord* pero hindi talaga siya ang *Lord of your life*. Maaaring tapos ka ng *Following Jesus*, alam mong siya ang Anak ng Diyos, siya’y namatay at nabuhay na muli. Maaaring *baptized* ka at member ng church. Maaaring nakikinig ka ng sermon linggo-linggo. You maybe an avid fan of Jesus. Pagdating ng araw maaaring nasa sementeryo ka na rin (*Gateway to Heaven*) pero you will not be in heaven. Huwag kang pakasisiguro.

The Necessity of Obedience (v. 21b)

Bakit ganoon? Ituloy natin ang sinabi niya, “Hindi lahat ng nagsasabi sa akin ‘Panginoon, Panginoon,’ ay papasok sa kaharian ng langit, kundi (sino lamang daw ang papasok sa kaharian sa langit?) *ang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit*” (v. 21). Relate to All Saints’ Day. Napakahalaga ng pagsunod sa Diyos. Kaya nga tayo nahiwalay sa Diyos ay dahil sa pagsuway natin sa kanyang kalooban. Kaya nga naparito si Jesus at buong-buong sinunod ang kalooban ng Ama hanggang sa kamatayan sa krus ay upang hanguin tayo sa tiyak na kapahamakan. Pero ang kaligtasan ay hindi lang nangangahulugang nakatakas na tayo sa impiyerno. Ito rin ay bumabago sa buhay natin. Iniligtas tayo ni Jesus upang sumunod sa kalooban ng Diyos.

Hindi ibig sabihin na ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng pagsunod o mabuting gawa. Maliwanag sa buong Bibliya na ito ay sa pamamagitan lang nga biyaya ng Diyos na nakay Cristo na tinanggap natin sa pamamagitan ng pananampalataya (Eph. 2:8-9). Ngunit ang pananampalatayang ito ay may bungang pagbabago sa puso natin, sa buhay natin at sa ginagawa nating pagsunod sa Diyos (v. 10). True faith results in obedience. There is no justification without sanctification. Ibinilang tayong matuwid at araw-araw ay ginagawa tayong matuwid. There is no salvation without new desires to obey God’s will. Ipinapakita dito na ang pagsunod sa Diyos ay patunay na mayroon tayong relasyon kay Jesus. Tingnan ninyo ang tugon ni Jesus sa mga taong sinabi na nasa labas ang kanyang inang si Maria at mga kapatid na lalaki, “Sinumang gumagawa ng kalooban ng aking Ama na nasa langit, ay siyang aking mga kapatid na lalaki at babae, at ina” (12:50). There is no true discipleship without really following Jesus in obeying his Father’s will, “Ang pagkain ko ay ang gawin ang kalooban ng nagsugo sa akin at tapusin ang kanyang gawain” (John 4:34).

Shocking (v. 22)

Darating ang araw na malalaman ng lahat kung sino talaga ang sumusunod sa kalooban ng Diyos. Pagpunta ninyo sa sementeryo sa Lunes ay alalahanin ninyo na darating ang araw, sa pagbabalik ng Panginoong Jesus, na lahat ng bangkay diyan ay bubuhaying muli at haaharap sa hatol ng Diyos. Ang iba na nakasulat sa nitso nila ay R.I.P. at nag-aakalang ligtas sila dahil kabilang sila sa isang Christian church o relihiyoso sila ay magugulat sa hatol na igagawad sa kanila. Aapela pa at bibigyang diin ang kanilang mga ginawa sa “pangalan” ni Jesus. “Sa araw na iyon (“ng paghuhukom” MBB) ay marami ang magsasabi sa akin, ‘Panginoon, Panginoon, hindi ba nagpropesiya kami sa iyong pangalan, at nagpalayas ng mga demonyo sa iyong pangalan, at sa iyong pangalan ay gumawa kami ng maraming gawang makapangyarihan?’” (v. 22).

Mga spectacular works ang binanggit na halimbawa dito ni Jesus. Pero ang punto niya ay ipakitang hindi lahat ng naglilingkod sa simbahan sa pangalan ni Jesus, hindi lahat ng nangangaral ng Bibliya, hindi lahat ng umaawit ng mga praise songs, hindi lahat ng

nagsasabing Cristiano sila ay tunay na Cristiano. This will definitely be a surprise. Magugulat kayo na ang asawa ninyo o mga anak ninyo o mga kinikilala ninyong mature Christians dahil sa paglilingkod nila ay hindi ninyo pala makakasama sa langit. O magugulat kayo na kayo pala ay hindi kasama. Buong buhay ninyo akala ninyo na dahil umaattend naman kayo ng Bible study linggo-linggo ay safe na kayo. Pero nagkakamali kayo.

Terrible End (v. 23)

Nakapangingilabot ang sasapitin ng mga taong nagsasabing sila ay Cristiano ngunit hindi naman tunay na nagpapasakop sa kanyang kalooban. “At kung magkagayon ay ipahahayag ko sa kanila, ‘Hindi ko kayo kilala kailanman; lumayo kayo sa akin, kayong mga gumagawa ng kasamaan!’” (v. 23). Ito ang hatol. Akala nila kilala nila si Jesus at kilala niya sila pero hindi pala. Oo, alam ni Jesus ang tungkol sa kanila. Pero kung ang pag-uusapan ay relasyon sa kanya, ang sabi niya, “Wala kayong tunay na relasyon sa inyo. Lumayo kayo sa akin. Doon kayo sa impierno kasama ng diyablo at nga mga kampon niya at kayo ay susunugin nang walang katapusan” (cf. 25:41). Nakakatakot na marinig sa bibig mismo ni Jesus.

Hindi ibig sabihin na sa tuwing tayo ay sumuway sa utos ng Diyos ay palagi tayong manginginig sa takot na baka itakwil tayo ng Diyos. Hindi ganoon. Ang binabanggit dito ay ang mga “gumagawa ng kasamaan” o “workers of lawlessness.” Hindi ibig sabihin na nakapagdrawing ka ay pintor ka na, hindi ibig sabihin na nakapukpok ka ng martilyo ay karpintero ka na. Ganoon din, hindi ibig sabihing nagkasala kay ay “worker of lawlessness” ka na. Ang tinutukoy dito ay ang lifestyle of disobedience, lifestyle of sin. Kung ganito ang klase ng buhay mo, gaano ka man karelihiyoso, sinasabi ni Cristo na kasama mo pa rin ang mga demonyo sa impierno pagdating ng iyong kamatayan.

A Call to Self-Examination

Nananawagan si Jesus dito na seryosohin natin ang relasyon natin sa kanya. Na siyasatin natin ang sarili natin at tumingin tayo sa salamin ng kanyang salita upang matiyak nating tayo nga ay tatanggap ng buhay na walang hanggan at makakapiling ng Diyos sa langit. Siya lamang sumusunod sa kalooban ng Diyos ang may tunay na relasyon kay Cristo. Kung magpamigay ba ng invitation si Judy Ann para sa birthday niya at nakapulot ako ng isa. Tapos pumunta ako doon at hindi ako pinapasok. Kahit pa sabihin kong “Leader ako ng fans club niya” at ipakita ko pang ang T-shirt ko na may picture niya at autograph pa niya.” Pero hindi pa rin ako pinapasok kasi nakalagay sa invitation ay “For family and friends only.” Ganoon din sa buhay na walang hanggan. Para lamang sa mga may relasyon kay Jesus. Baka ang iba sa inyo ay nag-aakalang may relasyon siya kay Jesus pero wala pala. Parang isang lalaking may cancer na hindi niya alam at akala niya ay OK siya dahil nasa ospital naman siya. Siyasatin natin ang ating mga sarili at tingnan kung ang buhay ba natin ay kinakikitaan ng pagsunod sa kanyang kalooban.

NOT HEARING IT, BUT DOING IT

Binibigyang diin dito ni Jesus na ang mga may tunay na relasyon sa kanya ay siyang sumusunod sa kalooban ng Diyos hindi lamang iyong mga Cristiano sa nguso lang. Dito naman sa verses 24-27 ay ipapakita niya ang kaibahan ng mga Cristiano sa puso at gawa sa mga Cristiano sa tenga lang. Nagbigay siya ng isang maikling talinghaga upang ipakita ito:

Kaya't ang bawat nakikinig sa mga salita kong ito at ginaganap ang mga ito ay matutulad sa isang matalinong tao na nagtayo ng kanyang bahay sa ibabaw ng bato.

²⁵Bumagsak ang ulan, at dumating ang baha. Humihip ang mga hangin at hinampas ang bahay na iyon, ngunit hindi iyon bumagsak, sapagkat itinayo sa ibabaw ng bato.

²⁶Ang bawat nakikinig sa mga salita kong ito at hindi ginaganap ang mga ito ay matutulad sa isang taong hangal na nagtayo ng kanyang bahay sa buhanginan.

²⁷Bumagsak ang ulan, at dumating ang baha. Humihip ang mga hangin at hinampas ang bahay na iyon, at iyon ay bumagsak; napakalakas nga ng kanyang pagbagsak.

They look the same...

May dalawang tao. Kung titingnan mo sila pareho, wala ka naman halos makikitang pagkakaiba. Pareho silang nagsasabi na sila ay followers of Jesus, pareho silang member ng church, pareho silang active sa ministry, magkasama pa sila sa Kaagapay Group. Parang dalawang karpinterong nagsisikap magtayo ng bahay. Wala halos pagkakaiba ang dalawang bahay. Pareho naman maganda at parang matibay.

Ang dalawang ito ay parehong nagtatayo ng bahay at nagsisikap na maging maayos ang buhay nila. Pareho silang nakikinig ng salita ng Diyos. Pareho silang sumusubaybay sa sermon series na *Following Jesus the Lord of All*. Gusto nilang marinig kung ano ang sinasabi ni Jesus na alam nilang makakatulong sa mga dinaranas nila sa buhay. Pareho silang pagkatapos ng sermon ay kakamayan ang pastor at sasabihin, "Nabless po kami sa sermon ninyo, Pastor." Kapag hindi nakaattend ng Sunday ay aabangan ang message ni pastor na nakapost sa Internet kasi gustong mapakinggan talaga. Kung titingnan mo, wala halos pinagkaiba.

Ang isa sa kanila mayaman, ang isa naman mahirap lang. Pero kahit magkaiba ang katayuan nila sa buhay, pareho silang dumaranas ng mga pagsubok na parang malakas na bagyo na sa lakas ay umapaw ang mga ilog at binaha ang kanilang bahay. Bukod doon, napakalakas pa ng hangin na humahampas sa kanilang mga buhay. May mga panahong parang hindi na nila kaya. Pareho silang may humaharap sa mga tukso ng Kaaway. Kung titingnan natin sila pareho hindi natin makikita ang pagkakaiba.

Pareho din silang mamamatay at ilang taon ding dadalawin ng kanilang mga kamag-anak at kaibigan ang puntod nila kapag Araw ng mga Patay. Pareho din silang bubuhaying muli sa pagdating ni Jesus at haharap sa kanyang hatol. Sa araw na iyon, makikita kung ano talaga ang kanilang pagkakaiba.

...*but they are totally different*

Sa tingin natin ngayon, parang pareho lang sila. Ngunit sa araw na iyon, makikita natin na ang isa lang pala sa kanila ang tunay na disciple ni Jesus. Ang isa pala ay hindi, akala mo totoo peke pala. Akala mo malapit sa Diyos, malayo pala ang kanyang puso kay Cristo. Ang isa lang pala sa kanilang ang totoong sumusunod sa Diyos. Ang isa pala ay akala mo lang na sumusunod pero panlabas lang pala. Sa puso pala niya ay hindi para sa Diyos ang motibo niya kundi pansarili lang. Nakikinig nga nang seryoso kapag Bible study at nagparticipate pa sa mga discussions pero pag-uwi sa bahay hindi naman pala interesadong isagawa ang natututunan.

Ang isa pala ay marunong, ang isa ay hangal. Marunong ang isa dahil hindi lang siya nakikinig kundi isinasagawa ang napapakinggan. Ang kanyang bahay ay nakatayo sa bato. Matibay na matibay. Buhangin pala ang pundasyon ng bahay ng isa. Sino bang nasa matinong pag-iisip ang gagawin yun! Ano ang aasahan mo kapag dumating ang bagyo at malakas na hangin at paghampas ng rumaragasang tubig. E di siyempre, wasak! Hangal nga, hindi nag-iisip. Ilang beses nang nakapakinig, hindi naman isapuso ang napakinggan. Ang isa haharap sa Diyos at igagawad ang buhay na walang hanggan. Ang isa naman sa pagharap sa Diyos ay nanginginig ang tuhod at kumakabog ang dibdib at tumatangis na maririnig ang sinasabi ni Jesus, “Hindi kita kilala! Lumayo ka sa akin!” Ang tanong ngayon sa atin, Sino tayo sa dalawang iyon? Sa nakikinig ba at isinasagawa ang kalooban ng Diyos? O sa nakikinig nga ngunit binabalewala ang pagsunod? Ang Diyos ang nakakaalam. Puwede mong lokohin ang tao, ang Diyos hindi.

A Call to a Life of Obedience

Ang tunay na tagasunod ni Cristo ay sumusunod sa kalooban ng Diyos. Hindi lang Cristiano sa nguso at sa tenga, ngunit Cristiano sa puso at sa gawa. Apat na bagay ang iiwanan ko sa inyo tungkol sa pagsunod sa Diyos:

1. Ang pagsunod ay hindi *optional*, ito ay *absolutely essential*. Hindi parang pupunta ka sa palengke at mamimili kung bangus o tilapia ang uulamin mo. Kapag narinig mo ang utos at kalooban ng Diyos, hindi mo pag-iisipang, “Susunod kaya ako sa Diyos ngayon o hindi? Saka na lang kaya ako susunod.” Ang pagsunod sa Diyos ng isang tunay na Cristiano ay parang hanging nilalanghap natin, hindi natin tinatanong, “Hihinga kaya ako ngayon o bukas na lang?”
2. Ang pagsunod sa Diyos ay bunga ng isang tunay na pananalig kay Jesus. Ito ay ebidensiya o bunga ng isang tunay at buhay na relasyon kay Cristo. Kung walang pagsunod, wala ring pananampalataya. No faith in Jesus, no eternal life with God.
3. Ang pagsunod sa Diyos ay ang nakapaghihiwalay sa tunay na mga Cristiano sa hindi. Tingnan mo ang buhay mo kung may pinagkaiba sa kamag-anak mong hindi naman Cristiano. Kung wala, ano ang ipinapahiwatig nito?
4. Kaya naman, gagawin natin lahat ng makakaya natin sa tulong ng biyaya ng Diyos na sumunod sa lahat ng kanyang kalooban. Sa pag-aasawa, sa relasyon sa ibang tao, sa pangangibang-bansa, sa pagtatrabaho, sa desisyon sa araw-araw.